## ARALIN 65

1. Naparito ba si Jesus sa mundo upang tayo ay magtrabaho para sa Kanya at kitain ang ating daan patungo sa langit?
-Hindi.

2. Ano ang sinabi ni Jesus kung bakit Siya naparito sa mundo?
-Upang paglingkuran ang mga tao, at ibigay ang kanyang buhay bilang pantubos sa maraming tao.

3. Paanong tayong lahat na tao ay pinaaalalahan ng pagkabulag ni Bartimeo?
-Kung paanong si Bartimeo ay bulag, lahat ng tao ay ipinanganak na bulag.

4. Paanong lahat ng taong ipinanganak na bulag?
-Dahil lahat ng tao ay ipinanganak nina Adan at Eba, lahat ng tao ay ipinanganak na bulag sa mga katotohanan ng Diyos.

5. May nagawa ba si Bartimeo sa kanyang sarili para makakitang muli?
-Wala.

6. May magagawa ba ang mga tao sa kanilang sarili upang makita ang mga katotohanan ng Diyos?
-Wala.

7. Sino lamang ang tumulong kay Bartimeo na makakitang muli?
-Si Jesus.

8. Sino lamang ang kayang tumulong sa lahat ng tao na makakitang muli?



-Si Jesus.

9. Bakit tinawag ni Bartimeo si Jesus na Anak ni David?
-Dahil si Jesus ay nagmula sa angkan ni Haring David na ipinangako ng Diyos na magiging Tagapagligtas.

10. Bakit sinaway ng mga tao si Bartimeo at sinabihan siyang tumahimik?
-Inisip ng mga tao na ayaw ni Jesus na tulungan ang isang mahirap, bulag na pulubi.

11. Nais bang tulungan ni Jesus ang isang mahirap, bulag na pulubi?
-Oo.

12. Mahal ba ng Diyos ang bawat tao, at gustong iligtas ang lahat ng tao?
-Oo.

13. Tinulungan ba ni Jesus si Bartimeo na makakita muli?
-Oo.

14. Pumunta ba si Jesus sa Jerusalem upang iligtas ang mga tao mula sa pamamahala ng mga Romano?
-Hindi.

15. Bakit pumunta si Jesus sa Jerusalem?
-Nagpunta si Jesus upang iligtas ang mga tao mula sa kapangyarihan ng kasalanan, kamatayan, at kay Satanas.

-Dahil ang mga pinunong Judio ay napopoot kay Jesus, naghanap sila ng paraan upang Siya ay patayin.

Basahin natin ang Marcos 14:1-2

1-Dalawang araw noon bago ang Paskuwa at ang kapistahan ng Tinapay na Walang Pampaalsa. Pinag-iisipan ng mga punong pari at ng mga eskriba kung paano huhulihin siya nang patago at siya'y maipapatay.
2-Sapagkat sinabi nila, "Huwag sa kapistahan, baka magkagulo ang taong-bayan."

-Bakit ayaw ng mga pinunong Judio na arestuhin si Jesus sa kapistahan ng Paskuwa?

-Dahil natatakot sila na kung huhulihin nila si Jesus sa panahon ng pista ng Paskuwa, ang mga tao ay tutugon nang may karahasan.

Basahin natin ang Marcos 14:10

10-Si Judas Iscariote naman, na isa sa labindalawa, ay nagpunta sa mga punong pari upang maipagkanulo siya sa kanila.

-Sino si Judas?

-Si Judas ay isa sa labindalawang disipulo na pinili ni Jesus.

-Alam ba ni Judas na siya ay isinilang sa kasalanan, at kailangan niya si Jesus bilang kanyang Tagapagligtas?

-Hindi.



-Naniniwala ba si Judas na si Jesus ang Diyos na Tagapagligtas?

-Hindi.

-Sumusumod si Judas kay Jesus, kahit hindi siya naniniwala na si Jesus ang Tagapagligtas.

-Bakit kaya sumunod si Judas kay Jesus?

-Simunod ni Judas si Jesus dahil gusto niyang kumita ng maraming pera.

-Nang si Judas ay hindi nakakuha ng pera mula kay Jesus, nagpasya siyang ipagkanulo si Jesus sa kanyang mga kaaway.

-Sino ang nanguna kay Judas upang ipagkanulo si Jesus?
-Si Satanas.

-Bakit gusto ni Satanas na ipagkanulo ni Judas si Jesus?
-Dahil kinamumuhian ni Satanas si Jesus.

-Bakit napopoot si Satanas kay Jesus?

-Dahil si Jesus ay Diyos.
-Dahil si Jesus ay nagsasalita ng katotohanan.

-Nais ni Satanas na patayin ng mga pinunong Judio si Jesus.

-Bakit gusto ni Satanas na patayin ng mga pinunong Judio si Jesus?

-Nais ni Satanas na patayin ng mga pinunong Judio si Jesus upang hindi tayo maligtas ni Jesus.

-Nais ni Satanas na patayin ng mga pinunong Judio si Jesus upang hindi sirain ni Jesus ang kapangyarihan ng kasalanan at kamatayan.

-Nais ni Satanas na patayin ng mga pinunong Judio si Jesus upang hindi sirain ni Jesus ang kapangyarihan ni Satanas.

-Kaya nga, pumunta si Judas sa mga pinunong Judio upang ipagkanulo si Jesus.

-Sino ang sinabi ng mga propeta na magkakanulo sa Tagapagligtas?

-Isang malapit na kaibigan.

-Tulad ng ipinangako ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta maraming taon na ang nakalilipas, si Jesus ay ipagkakanulo ng isang matalik na kaibigan.

-Nang lumapit si Judas sa mga pinunong Judio upang ipagkanulo si Jesus, ano ang naisip ng mga pinunong Judio?

Basahin natin ang Marcos 14:11

11-Nang marinig nila ito, sila'y nagalak at nangakong siya'y bibigyan ng salapi. Kaya't naghanap siya ng pagkakataong maipagkanulo siya.



-Nangako ang mga pinunong Judio na babayaran si Judas ng tatlumpung pirasong pilak upang ipagkanulo si Jesus.

-Para sa kung magkano ang ipinagkanulo si Jesus?

-Tatlumpung pirasong pilak.

-Tulad ng ipinangako ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta maraming taon na ang nakalilipas, si Jesus ay ipagbibili sa halagang tatlumpung pirasong pilak.

-Nang dumating ang unang araw ng kapistahan, ano ang itinanong ng mga disipulo kay Jesus?

Basahin natin ang Marcos 14:12

12-Nang unang araw ng Tinapay na Walang Pampaalsa, nang kanilang inihahandog ang kordero ng Paskuwa, sinabi sa kanya ng kanyang mga alagad, "Saan mo kami ibig pumunta at ipaghanda ka upang makakain ng kordero ng Paskuwa?"

-Tinanong ng mga disipulo si Jesus kung saan sila maghahanda para ipagdiwang ang kapistahan ng Paskuwa.

-Ano ang pista ng Paskuwa?

-Ang pista ng Paskuwa ay upang alalahanin ng mga Judio ang nangyari sa Ehipto.

-Ano ang nangyari sa Ehipto?

-Hindi pinatay ng Diyos ang kanilang mga panganay na anak, ngunit nilagpasan sila dahil nag-alay sila ng tupa at pinintahan ng dugo ang mga pintuan ng kanilang mga bahay.

-Ito ang sagot ni Jesus sa Kanyang mga disipulo:

Basahin natin ang Marcos 14:13-15

13- Isinugo niya ang dalawa sa kanyang mga alagad at sa kanila'y sinabi, "Pumunta kayo sa lunsod at doo'y sasalubungin kayo ng isang lalaki na may dalang isang bangang tubig. Sundan ninyo siya.
14-At kung saan siya pumasok, sabihin ninyo sa may-ari ng bahay, na sinasabi ng Guro, 'Nasaan ang aking silid-tuluyan na kung saan maaari kong kainin ang kordero ng Paskuwa na kasalo ng aking mga alagad?'
15-Ituturo niya sa inyo ang isang malaking silid sa itaas na may mga kagamitan at handa na. At doon ay maghanda kayo para sa atin."

-Sinabi ni Jesus na sasalubungin ng mga disipulo ang isang lalaking may dalang banga ng tubig, at dapat nilang sundan ang taong iyon sa bahay na kanyang papasukan.

-Kahit na ang mga babae lamang ang nagdadala ng mga banga ng tubig, alam ni Jesus na ito ay dadalhin ng isang lalaki.

-Alam ni Jesus ang lahat tungkol sa lahat.

-Walang bagay na hindi alam ni Jesus.

-Ito ay sa bahay na pinasukan ng lalaki kung saan ang mga disipulo ay maghahanda para sa pista ng Paskuwa.



-Sa palagay mo ba ay natagpuan ng mga disipulo ang lalaking may dalang banga ng tubig?

Basahin natin ang Marcos 14:16

16-Kaya't umalis ang mga alagad, nagpunta sa lunsod, at natagpuan ang lahat ayon sa sinabi niya sa kanila. Inihanda nila ang korderong pampaskuwa.

-Pagkatapos maihanda ng mga disipulo ang silid at sumapit na ang gabi, si Jesus at ang Kanyang mga disipulo ay nagtungo sa bahay.

Basahin natin ang Marcos 14:17-18

17-Pagsapit ng gabi, naparoon siyang kasama ang labindalawa.
18-Nang sila'y nakaupo na at kumakain, sinabi ni Jesus, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ipagkakanulo ako ng isa sa inyo, ang kasalo kong kumakain."

-Habang kumakain si Jesus at ang Kanyang mga disipulo nang magkasama, ano ang sinabi ni Jesus?

-Sinabi ni Jesus na isa sa Kanyang mga disipulo ang magkakanulo sa Kanya.

-Alam ni Jesus na ipagkakanulo Siya ni Judas.

-Paano nalaman ni Jesus na ipagkakanulo Siya ni Judas?

-Dahil si Jesus ay Diyos at alam Niya ang lahat.
-Walang hindi alam ni Jesus.

-Bakit sinabi ni Jesus sa mga disipulo na isa sa kanila ang magkakanulo sa Kanya?

-Nais ni Jesus na isipin ni Judas ang kanyang gagawin.

-Nais ni Jesus na magsisi si Judas.

-Nais ni Jesus na baguhin ni Judas ang kanyang isip, ibalik ang pera, at hindi Siya ipagkanulo.

-Ano ang sinabi ng mga disipulo noon?

Basahin natin ang Marcos 14:19-20

19-Sila'y nagsimulang malungkot at isa-isang nagsabi sa kanya, "Ako ba?"
20-Sinabi niya sa kanila, "Isa sa labindalawa, ang kasabay kong sumawsaw sa mangkok."

-Dahil magkakasamang kumakain sina Jesus at ang mga disipulo, sinabi ni Jesus na ang magkakanulo sa Kanya ay isa na magsasawsaw ng kanyang tinapay sa mangkok kasama ni Jesus.

-Nang sabay-sabay na kumain ang mga Judiyo, pinagputol-putol nila ang mga piraso ng tinapay mula sa mga tinapay, at isinawsaw ang mga piraso sa isang malaking mangkok ng sarsa sa gitna.

-Sinabi ni Jesus na ang magkakanulo sa Kanya ay nakikibahagi sa Kanyang pagkain.



-Muli, nais ni Jesus na isipin ni Judas ang kanyang gagawin.

-Masama bang magbahagi ng pagkain sa isang tao, at pagkatapos ay ipagkanulo sila?

-Oo, ito ay napakasama.

-Ano ang sinabi ni Jesus noon?

Basahin natin ang Marcos 14:21

21-[Sinabi ni Jesus] "Sapagkat papanaw ang Anak ng Tao, ayon sa nasusulat tungkol sa kanya, ngunit kahabag-habag ang taong iyon na sa pamamagitan niya ay ipinagkakanulo ang Anak ng Tao! Mabuti pa sa taong iyon ang hindi na siya ipinanganak."

-Bakit tinawag ni Jesus ang Kanyang sarili na Anak ng Tao?

-Dahil si Jesus ay tunay at ganap ding tao.

-Dahil si Jesus ay naparito bilang isang Anak upang maglingkod sa tao.

-Alam ni Jesus na kailangan Niyang mamatay.

-Ngunit kahit na si Jesus ay kailangang mamatay, ang taong magkakanulo kay Jesus ay lubos na parurusahan.

-Hindi pinilit ng Diyos si Judas na ipagkanulo si Jesus.

-Si Judas ay parurusahan magpakailanman dahil sa pagkakanulo kay Jesus.

-Habang sila ay kumakain, muling nagsalita si Jesus sa mga disipulo.

Basahin natin ang Marcos 14:22

22-Samantalang sila'y kumakain, dumampot siya ng tinapay, at nang kanyang mabasbasan ay kanyang pinagputul-putol, ibinigay sa kanila at sinabi, "Kunin ninyo; ito ang aking katawan."

-Kumuha si Jesus ng tinapay, nagpasalamat sa Diyos Ama, pinagpira-piraso ang tinapay, at ibinigay ang mga piraso sa Kanyang mga disipulo.

-Sinabi ni Jesus na ang tinapay ay tanda ng Kanyang katawan.

-Paanong naging tanda ng katawan ni Jesus ang tinapay?

-Kung paanong ang tinapay ay pinagpira-piraso, ang katawan ni Jesus ay pipira-pirasuhin din ng masasamang tao.

Basahin natin ang Marcos 14:23-24

23-Siya'y dumampot ng isang kopa at nang siya'y makapagpasalamat ay ibinigay niya sa kanila, at mula roo'y uminom silang lahat.
24-At sinabi niya sa kanila, "Ito ang aking dugo ng tipan, na nabubuhos para sa marami."

-Pagkatapos, kumuha si Jesus ng isang kopa ng alak, nagpasalamat, at ibinigay ito sa Kanyang mga disipulo.



-Sinabi ni Jesus na ang alak ay tanda ng Kanyang dugo

-Paano naging tanda ng dugo ni Jesus ang alak?

-Kung paanong ang alak ay ibinuhos upang inumin, ang dugo ni Jesus ay ibubuhos din.

-Para kanino sinabi ni Jesus na ibubuhos ang Kanyang dugo?

-Sinabi ni Jesus na ang Kanyang dugo ay ibubuhos para sa maraming tao.

-Nang matapos silang kumain, muling nagsalita si Jesus sa mga disipulo.

Basahin natin ang Marcos 14:25-26

25-Katotohanang sinasabi ko sa inyo, hindi na ako iinom mula sa bunga ng ubas, hanggang sa araw na iyon na inumin kong panibago sa kaharian ng Diyos.
26-At pagkaawit ng isang himno, lumabas sila patungo sa bundok ng mga Olibo.

-Gabi na nang matapos kumain si Jesus at ang Kanyang mga disipulo.

-Pagkatapos nilang kumain, umalis si Jesus at ang Kanyang mga disipulo sa Jerusalem, at pumunta sa Bundok ng mga Olivo.